


Ang Pamamasya/ ni Mona



Kuwento ni:
Jessa B. Ybañez

Guhit ni:
Donn E. Manguilimotan



Ang Pamamasyal ni Mona

*Maikling Kuwento sa Psisikal at Likas na Kapaligiran, at Pagpapaunlad sa Kakayahang
Sosyo-Emosyonal para sa Kindergarten*

Mga Kasanayan sa Pagkatuto:

PNEKA-Ie-1: • Name common animals.

SEKPSE-00-11: • Nakikilala ang mga pangunahing emosyon (tuwa, takot, galit at lungkot)



Treasury of Storybooks

This storybook is a product of the National Competition on Storybook Writing 2019 of the Department of Education.

Pursuant to the Intellectual Property Code of the Philippines, No copyright shall subsist in any work of the Government of the Philippines. However, prior approval of the Department of Education shall be necessary for exploitation of such work for profit. DepEd may, among other things, impose as a condition the payment of royalties. No prior approval or conditions shall be required for the use for any purpose of statutes, rules and regulations, and speeches, lectures, sermons, addresses, and dissertations, pronounced, read or rendered in courts of justice, before administrative agencies, in deliberative assemblies and in meetings of public character.

For the purpose of citation, the following is recommended:

Ybañez, Jessa B. *Ang Pamamasyal ni Mona*. DEPED-BLR, 2019.

DEVELOPMENT TEAM


Writer: Jessa B. Ybañez

Illustrator: Donn E. Manguilimotan

Learning Resource Managers: Ernie E. Agsaulio
Analiza C. Almazan

Davao Occidental
Region XI


Ang
Pamamasyal
ni **Mona**



Ako si Mona ang
paboritong pusa ni Myrna.
Maputi at makintab ang mga
balahibo ko. Mahal na mahal
niya ako.







Bumili si Myrna ng laso.
Kulay pula ito at may
nakasabit na pangalan
ko.

Isang araw ng Linggo,
umalis ako ng bahay at
namasyal. Nakarating ako
sa plaza. “Ang ganda rito!”
sabi ko.








Nakakita ako ng mga
lobo na iba-iba ang kulay.

May dilaw, bughaw,

luntian, kahel, pula, lila,

puti, kayumanggi at itim.





Iba-iba ang hugis ng mga
lobo. Ang dilaw ay hugis
kalabaw. Ang bughaw ay
hugis isda. Nakakamangha
ang mga ito!





Ang luntian ay hugis ibon.
Ang kahel ay hugis aso. Ang
pula naman ay hugis
palaka. Ang gaganda nila
tingnan!





Ang lila ay hugis pagong.
Ang kayumanggi ay hugis
unggoy. Ang puti ay hugis
kalapati. Ang itim ay hugis
daga.





Habang ako ay masaya
sa aking nakikita. Hindi ko
namalayan na sa aking
likuran pala ay may kuko at
pangil na nakaabang na.




Isang maitim na asong
galit ang tumambad sa
akin.

“Aw... Aw...” matapang
niyang tahol.

“Meow!” ang malakas kong
sigaw.

Meoww!
Meoww!








Ang laki ng aso kaya
kumaripas ako ng takbo.

Mabilis din niya akong
hinabol kaya para na
kaming mga kabayo.






Takbo ko ay walang
hinto nang ako ay
nakapasok sa pinto.
“Mona, saan ka galing?”
tanong ng pamilyar na
boses sa akin.







Nasa bahay na pala ako.
Paglingon ko, wala na ang
aso. Laking pasasalamat
ko. Salamat sa Diyos ligtas
na ako.




Kinarga ako ni Myrna
patungo sa kusina.
Pananghalian ko ay
nakahanda na.
Nag-lambing ako
bilang pasasalamat sa
kanya.









Nakakapagod tumakbo
ngunit hindi ko pinagsisisihan
ang pamamasyal ko.

Nakakita ako ng mga lobo
na may iba't ibang kulay at
hugis.





Tungkol sa May-Akda

Si Jessa B. Ybañez ay isang Kindergarten Teacher na nagtuturo sa Paaralang Elementarya ng Angel F. Olarte Sr. Siya ay kaisa-isang anak nina Cresencia at Julito Ybañez. Ipinanganak sa Malalag, Davao del Sur noong ika-24 ng Abril 1994. Mahilig siya sa pagbabasa ng mga kuwento at mahilig magkwento sa mga bata.



Tungkol sa Tagaguhit

Si Donn E. Manguilimotan ay isang guro, ilustrador at pintor mula sa Davao City. Kabilang siya sa DEPED National Pool of Illustrators at kasapi din siya ng organisasyon ng mga mangguhit, hindi lang sa lungsod pati na din sa buong Mindanao. Marami na rin siyang napanalunan na mga patimpalak sa larangan ng sining sa pagguhit, mapa-lokal, rehiyunal at nasyunal man. Siya ay nagtuturo sa Paaralang Elementarya ng Vedasto F. Corcuera.

Ang Pamamasyal ni Mona

Mahilig ka rin bang mamasyal?
Ano ang iyong nararamdaman
tuwing ikaw ay namamasyal?

Sa kuwentong ito sasamahan
natin si Mona sa kanyang
pamamasyal at sama-sama
tayong matuto sa kanyang
karanasan.

